# Ang Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964

Binabalangkas ng dokumentong ito ang pamamaraan sa pagrereklamo sa ilalim ng Title VI ugnay sa pagkakaloob ng mga programa, serbisyo, at benepisyo. Gayunman, hindi nito itinatanggi ang karapatan sa nagrereklamo na maghain ng isang pormal na reklamo sa California Department of Transportation, sa Secretary ng US Department of Transportation, Equal Employment Opportunity Commission (EEOC), Federal Highway Administration (FHWA), Federal Transit Administration (FTA), o humingi ng pribadong pagpapayo para sa mga reklamo na nagpaparatang ng diskriminasyon, intimidasyon, o paghihiganti ng anumang uri na ipinagbabawal ng batas.

Hinihingi ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 na walang sinumang tao sa Estados Unidos na maibukod, mapagkaitan ng mga benepisyo, o makaranas ng diskriminasyon dahil sa **lahi, kulay, o bansang pinagmulan**, sa ilalim ng anumang programa o aktibidad ng pagtanggap ng pederal na tulong pinansiyal. Dalawang Executive Order ang nagpapalawig sa mga proteksiyon ng Title VI sa Environmental Justice, na pinoprotektahan din ang mga may mababang kita, at may Limited English Proficiency (LEP).

## Pamamaraan para sa Reklamo sa ilalim ng Title VI

1. Sinumang naniniwala na pinakitunguhan sila nang may diskriminasyon ay maaaring magsumite ng isang nakasulat na reklamo sa Office of Civil Rights ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District. Hinihingi sa batas Pederal at Pang-estado na dapat maihain ang mga reklamo sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw sa kalendaryo mula nang huling pinaghihinalaang pangyayari.

2. Maaaring i-download ng nagrereklamo ang form sa pagrereklamo mula sa www.bart.gov o humiling ng form sa pagrereklamo mula sa Office of Civil Rights (OCR). Ang nagrereklamo ay maaari ring magsumite ng isang nakasulat na pahayag na naglalaman ng mga tinukoy na impormasyon sa Seksiyon 3, a hanggang g sa ibaba.

3. Isasama ng nagrereklamo ang mga sumusunod na impormasyon:

    a. Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.
    b. Ang batayan ng reklamo (lahi, kulay, pinagmulang bansa).
    c. Ang petsa o mga petsa kung kailan naganap ang sinasabing pangyayari na may diskriminasyon.
    d. Ang katangian ng pangyayari na naghantong sa nagrereklamo na maramdaman na isang salik ang diskriminasyon.
    e. Ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ng mga tao na maaaring may kaalaman sa pangyayari.
    f. Ang iba pang mga ahensiya o mga korte kung saan maaaring naihain ang reklamo at pangalan ng taong makokontak.
    g. Lagda at petsa ng nagrereklamo.

Kung ang nagrereklamo ay hindi kayang sumulat ng isang reklamo, ang staff ng OCR ay tutulong sa nagrereklamo. Kung hilingin ng nagrereklamo, ang OCR ay magkakaloob ng tagasalin sa wika o sign interpreter.

Ang reklamo ay maaaring ipadala o i-fax sa sumusunod na address:

**Office of Civil Rights**
**2150 Webster St, Suite #0414**
**Oakland, CA 94612**
**(510) 874-7333**
**(510) 464-7587 (fax)**

Ang reklamo ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email sa officeofcivilrights@bart.gov.

May karapatan din ang mga nagrereklamo na magreklamo nang direkta sa naaangkop na pederal na ahensiya. Ang mga reklamo ay dapat ihain sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw sa kalendaryo mula nang huling sinasabing pangyayari.

4. Uumpisahan ng OCR ang imbestigasyon sa loob ng labinlimang (15) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang reklamo.

5. Kokontakin ng OCR ang nagrereklamo nang pasulat nang hindi hihigit sa tatlumpung (30) araw na may pasok sa trabaho makalipas na matanggap ang reklamo para sa karagdagang impormasyon, kung kinakailangan. Kung nabigo ang nagrereklamo na magkaloob ng hiniling na impormasyon sa tamang oras, ang OCR ay maaaring administratibong isara ang reklamo.

6. Tatapusin ng OCR ang imbestigasyon sa loob ng siyamnapung (90) araw mula nang matanggap ang reklamo. Kung kailangan ng karagdagang oras para sa imbestigasyon, kokontakin ang Nagrereklamo. Isang nakasulat na ulat ng imbestigasyon ang ihahanda ng imbestigador. Ang ulat na ito ay may kasamang paglalarawan ng buod ng pangyayari, mga natuklasan at inirerekomendang pangwastong kilos.

7. Isang pangwakas na sulat ang ipagkakaloob sa nagrereklamo. Ang hinahabla o departamento ng hinahabla ay makakatanggap rin ng kopya ng pangwakas na liham. Ang bawat isa ay may limang (5) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang ulat para makapag-apela. Kung wala sa alinman sa mga panig ang mag-aapela, ang reklamo ay isasara.

8. Kung kinakailangan, ang ulat ng imbestigasyon na may mga rekomendasyon at mga pangwastong kilos ay ipapasa sa naaangkop na pederal na ahensiya, sa nagrereklamo at sa hinahabla.